

---

## 7 Kalusugan

---

### 7.1 Pagpaparehistro sa National Health Service ( Servizio Sanitario Nazionale - SSN)

Ang National Health Service ay mga hanay ng mga istruktura at serbisyo para matiyak ang proteksyon at pangangalaga ng kalusugan ng lahat ng mga mamamayang Italyano at mga banyaga.

Ang dayuhang naninirahan sa Italya na may wastong permit ng paninirahan ay may karapatan para sa pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng National Health Service, ng pagkakapantay-pantay na paggamot katulad ng mga mamamayang Italyano. Ang health care assistance, bukod pa sa nakarehistro ay mayroon din ang mga miyembro ng pamilya na nakaasa sa kanya at sa mga legal na residente.

#### 226. Saan pupunta para magpatala?

Ang pagpapatala ay nagaganap sa Azienda Sanitaria Locale (ASL) sa teritoryo kung saan naka residente o (kung walang residence) sa address ng tirahan.

#### 227. Ano ang Azienda Sanitaria Locale (ASL)?

Ang Azienda Sanitaria Locale ay ang complex ng ospital, mga klinika, mga sentro ng consultants at mga tanggapan, sa isang lokal na konteksto, na nagbibigay para sa kalusugan ng populasyon. Sa ASL ay nangangailangan ng pagpapatala sa SSN at pinipili ang pangunahing manggagamot.

#### 228. Maari akong magpatala sa Servizio Sanitario Nazionale (SSN)?

Ang pagpapatala sa Servizio Sanitario Nazionale ay obligatoryo para sa mga mamamayang dayuhan na may hawak na:

- residence permit EC para sa pangmatagalang mga residente;
- residence permit para sa mga kadahilanan ng trabaho;
- residence permit para sa paglilingkod sa sariling gawain;
- residence permit para sa naghihintay ng trabaho;
- residence permit para sa dahilan ng pamilya;
- residence permit para sa political asylum;
- residence permit para sa humanitarian reasons;
- residence permit para sa mga kadahilanan ng paghihintay para sa pag-aampon;
- residence permit para sa pag-aalaga (foster care);
- residence permit para sa layunin ng pagkuha ng citizenship.

Ang dayuhan na naghihintay na mai-renew o ng pagpapalabas ng pahintulot ng paninirahan ay hindi mawawala ang karapatan para sa pangangalaga ng kalusugan, at kung hindi nakarehistro ay maaaring magpaparehistro.

May karapatan din ang mga miyembro ng pamilya kung ang mga ito ay umaasa sa nakarehistro. Para sa karagdagang kaalaman komunsulta sa Kasunduan Estado –Rehiyon na naglalaman “ ng mga direksyon para sa tamang aplikasyon ng mga batas ukol sa pangangalaga ng kalusugan sa mga banyagang populasyon mula sa Rehiyon at mga Autonomous Provinces.” .

**Babala:** Ang dayuhan na pumasok sa Italya para sa medikal na pagpapagamot ay hindi maaaring magparehistro sa SSN at kailangang ayusin ang pagbabayad ng gastos na may kaugnayan sa treatment na gagawain;

Ang mga banyagang political refugee at stateless at ang kanilang mga asawa, ay katumbas ng mga mamamayang Italyano kung nabigyan ng residence permit para sa political asylum na balido.

Ang mga menor de edad na anak ng mga dayuhan na nakarehistro sa SSN ay may katiyakan, mula sa sandali ng kapanganakan, ng parehong pagpapagamot gaya ng mga bata na nakarehistro.

Ang dayuhan na may residence permit para sa dahilan ng pag-aaral, para sa relihiyon at ang mga dayuhan au pair (stranieri alla pari) ay maaring boluntaryong magpatala sa SSN para sa kanilang sarili at sa kanilang mga pamilya na kasama sa tirahan, o maaari silang kumuha ng insurance laban sa mga panganib ng sakit, pinsala at maternity insurance (ang mga patakaran ng insurance ay ay dapat na balido sa buong Italya, pati sa mga umaasa.

### **229. Kailan hindi maaaring magpatala sa National Health Service?**

Hindi maaaring magpatala ang mga dayuhang legal na namamalagi sa bansa para sa panahon na mas mababa sa tatlong buwan (tourist visa, pagbisita, negosyo, atbp .) at mga dayuhan na irregular na namamalagi.

### **230. Ano ang mga dokumento na kailangan kong maisumite upang makapagpatala sa National Health Service?**

Sa pangkalahatan ang mga dokumento na kailangang isumite ay:

- May bisa na residence permit, kung ang permit ay naka-renew, maaari mong ipakita ang nag-expire na permit kasama ang resibo ng pag-renew (na ibinigay ng Pulisya o ng post office).
- kapalit na statement para sa paninirahan at marital status (o deklarasyon ng tinitirahan bilang residence permit);
- code ng buwis (codice fiscale);
- pagpapahayag na kung saan ay nangangako ng pagbibigay ng abiso sa pagbabago ng katayuan

Bilang karagdagan:

- ang mga walang trabaho na nakarehistro sa Sentro ng pagtatrabaho ay dapat magbigay ng self-certification ng rehistrasyon sa tanggapan ng trabaho;
- ang mga kasal sa mamamayang Italyano ay dapat na magbigay ng katayuang pampamilya o self-certification;
- mga menor de edad na reliant o naghihintay ng pag-ampon ay dapat magbigay ng pahayag ng Juvenile Court na nagpapatunay ng paunang pag-ampon o reliant.

Bukod pa rito, ay maaaring kailanganin ang mga tiyak na dokumento na may pagkaka-iba depende sa uri ng pahintulot na pinanghahawakan. Para sa detalyadong listahan ng kinakailangang mga dokumento, ito ay matatagpuan sa Kasunduan Estado-Rehiyon na naglalaman " ng mga direksyon para sa tamang aplikasyon ng mga batas ukol sa pangangalaga ng kalusugan sa mga banyagang populasyon mula sa Rehiyon at mga Autonomous Provinces." .

### **231. Gaano katagal ang pagpapatala sa National Health Service?**

Ang pagpaparehistro sa SSN ay magkapareho ang tagal ng permit ng paninirahan.

### **232. Kailan nagtatapos ang pagpapatala sa National Health Service?**

Ang registration para sa National Health Service ay natatapos kung:

- ang residence permit ay mag-expire, maliban kung maipapakita ang kahilingan para sa pag-renew o nag-renew;

- kung ang residence permit ay binawi o pinawalang-bisa, maliban kung maipapakita ang apila;
- sa kaso ng pagpapaalis;
- sa mga kaso na hindi kabahagi sa mga kondisyon ng pagiging miyembro ng kategorya ng dayuhan na obligatoryong nakarehistro sa NHS (halimbawa, conversion ng residence permit sa iba't ibang uri ng permit na kung saan ay hindi kailangan ang obligatoryong pagpapatala sa NHS; pagwawakas ng trabaho o pagpapatala sa sentro ng pagtatrabaho para sa mga tao na walang residence permit na ginagawang obligatoryo ang pagpapatala sa SSN).

### **233. Ano ang mga dokumento at mga serbisyong panlipunan- kalusugan na pinakikinabangan ng mga nakatala sa National Health Service**

- Health care card;
- Pagpili ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan para sa mga bata;
- Pagbisita ng doktor sa outpatient at specialist medical visits;
- Pagbisita ng doktor sa bahay;
- Pagpapagamot sa ospital;
- Pagbabakuna;
- Test sa dugo, x-rays, ultrasound, etc.;
- Prescription ng gamot;
- ang pagbibigay ng sertipikasyon at mediko-legal na karakter;
- tulong para sa rehabilitasyon, prostheses, atbp.

**Babala:** May mga benepisyo na garantisado kahit na hindi nakarehistro sa NHS. Tinitiyak: ang outpatient at urgent na pangangalaga sa ospital o mahalaga, kahit na patuloy, para sa sakit at pinsala at ipinagpapatuloy ang preventive medicine program upang mapag-ingatan ang indibidwal at kolektibong kalusugan.

Sa partikular ay garantisado ang mga :

- paggamot/pangangalaga sa pagbubuntis at pagiging ina;
- pag-aalaga ng mga bata;
- bakuna;
- ang pag-iwas, diyagnosis at paggamot ng mga nakakahawang sakit.
- pag-aalaga, pag-iwas at rehabilitation sa larangan ng pagkagumon sa droga

## **7.2 Health card (tessera sanitaria)**

### **234. Ano ang health card?**

Ito ay dokumento na ibinigay ng ASL na nagpapakita na nakatala sa NHS. Ito ay mahalaga upang makuha ang pangangalagang medikal at para makinabang ng mga serbisyo. Ang Health Card ay naglalaman ng:

- personal data ng mamamayan at code ng buwis na malinaw;
- ang expiration date na balido lamang sa layunin ng pangangalaga ng kalusugan;
- isang open area para sa anumang rehiyunal na data ng kalusugan at tatlong character na 'Braille' para sa mga bulag;
- ang Fiscal Code sa format na 'barcode' (barcode) at magnetic stripe.

**235. Ano ang dapat na gawin kung mawala ang iyong health card?**

Dapat mong iulat ang pagkawala sa mga may karampatang mga awtoridad at humiling ng duplicate sa ASL na kabilang.

### **7.3 Mga Serbisyo ng National Health Service**

**236. Sino ang primary care physician (o doktor ng pamilya)?**

Ito ay ang propesyonal na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pangkalahatang medisina:

- bumibisita ng pasyente sa kanilang mga opisina o sa bahay ng pasyente kapag ang kalagayan ng kalusugan ng pasyente ay hindi pinapayagan na pumunta sa doktor;
- nagbibigay ng prescription, analisis at pagbisita ng espesyalista;
- nagmumungkahi ng pagpapagamot sa ospital kung kinakailangan;
- nagbibigay ng mga sertipiko.

**237. Sino ang pedyatrisyan?**

Ito ay ang doktor na tinitingnan ang mga bata, nagbibisita sa mga ito at pana-panahong sinusuri ang kanilang paglaki, nagbibigay ng prescription ng gamot, mga pagsusuri at pagbisita ng espesyalista, nagmumungkahi ng admission sa ospital kung kinakailangan, at nagbibigay ng mga sertipiko.

**238. Paano ang pagpili ng doktor ng iyong pamilya at pedyatrisyan?**

Ang nakarehistro sa SSN ay maaaring pumili ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan para sa mga bata 0-14 taong gulang at may karapatan na magkaroon ng isang pedyatrisyan. Sa tanggapan ng nagbibigay ng health card ay maaaring makita ang listahan ng mga magagamit na doktor. Ang pangalan ng doktor ng pamilya ay nakaulat sa iyong health card.

**239. Ang mga sertipiko na ibinibigay ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan ay libre?**

Libre ang:

- sertipiko para sa pagliban sa trabaho ng magulang dahil sa karamdaman ng bata;
- sertipiko para sa pagsasagawa ng di-pangkumpitensya sports activities sa mga paaralan;
- sertipiko ng sakit o pinsala o iba pang mga dahilan ng pansamantalang pinsala sa katawan.

Hinde libre ang:

- Sertipiko para sa competitive sports activities;
- Sertipiko para sa mga layunin ng insurance;
- Sertipiko para sa aplikasyon ng kapansanan

**240. Maaari ko bang tanggalin o palitan ang doktor ng pamilya sa anumang oras?**

Oo, sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang form, ay sabay na dapat ka ring pumili ng bagong doktor.

**241. Paano ko gagawing magpabisita sa mga espesyalista?**

Upang makapag patingin sa isang espesyalista ay kailangan ang kahilingan ng doktor ng pamilya. Sa pamamagitan ng kahilingan ng doktor at ng health card ay maaring pumunta sa reservation office upang magpariserba ng bisita sa ASL serbisyo para sa kalusugan. Ang ilan sa mga ASL ay may telephone system sa reserbasyon ng mga serbisyo sa kalusugan. Ang pagganap ay maaaring gawain sa mga out patients clinic at pribadong Laboratories.

**242. Ang serbisyo ng mga espesyalista ay walang bayad?**

Para sa mga pagbisita ng espesyalista, mga laboratory tests at ang pagbili ng mga gamot ay kinakailangang magbayad ng tiket na ang halaga ng quota ay natukoy sa pamamagitan ng Pamahalaan.

Hindi binabayaran ang tiket sa mga gamot :

- civil invalids na 100%, ang invalid na may kapansanan mas mataas kaysa sa 2/3, o na may social allowance para sa accompanying, mga bulag at bingi-pipi;
- mga biktima ng terorismo at organisadong krimen;
- pasyente na sumasailalim sa painful therapies;
- ang may minimum na pensyon na may higit na 60 taon.

Para sa dalubhasang pag-aalaga, ay exempted sa pagbabayad ng tiket:

- ang may hawak ng panlipunang pensyon at dependents;
- mga walang trabaho, may minimum na pensyon na may higit na 60 taon;
- civil invalid na may kapansanan mas mataas kaysa sa 2/3 o may allowance para sa tagapag-alaga;
- mga napinsala sa trabaho at lahat ng kategorya ng mga mamamayan ay exempted para sa sakit o kundisyon na kinikilala sa pamamagitan ng mga espesyal na mga batas.

Ang ilang mga medikal na serbisyo ay hindi napapailalim sa pagbabayad ng ticket, kahit na ang mga mamamayan ay hindi kabilang sa isa sa mga kategorya na nakalista sa itaas. Ang mga ito ay:

- pagganap para sa mga unang bahagi ng diyagnosis ng kanser (mammograms, paptest atbp.)
- mga serbisyo naglalayong sa pagprotekta sa pagiging ina, tulad ng pag-aaral, ultrasound, atbp.;
- mga serbisyo na nagsusulong para sa donasyon ng dugo, organo at tisyu, pagbabakuna na hindi sapilitan para sa mga bata hanggang sa 14 taon.

#### **243. Paano ako makakakuha ng exemption ng pagbabayad ng ticket?**

Sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahilingan sa ASL, na may kasamang sertipiko mula sa isang medikal na espesyalista o ospital, health care card, at ang Code ng buwis. Ang ASL ay nag-iisyu ng card na nagbibigay ng karapatan ng maramihang prescription hanggang sa maximum na 6 na piraso ng mga gamot na kinakailangan para sa sakit. Ang exemption ay maaaring maging permanenteng o limitado, ayon sa mga uri ng mga sakit at / o rehiyonal na mga regulasyon. Ang deadline ng sertipiko ng exemption ay dapat na nakasaad sa certificate.

**Babala:** ang mga regulasyon tungkol sa mga exemptions ay maaaring magbago. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga sistema ng exemption na ipinapatupad at sa mga papeles na kailangang isumite, maaaring magtanong sa doktor ng pamilya o sa pedyatrisyan.

#### **244. Ano ang mga serbisyong pang-emergency?**

Sa mga kaso ng matinding pangangailangan ng madaliang pagkilos (aksidente, mga pinsala at anumang sitwasyon ng panganib sa buhay), maaari kang pumunta sa emergency room ng isang ospital o humingi ng medikal na payo sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free numero 118 na tumatakbo 24 oras sa 24.

#### **245. Ang hospital assistance ay walang bayad?**

Ang pagganap ng serbisyo ng mga Ospital ay libre para sa lahat ng mga nakatala sa National Health Service.

Ang Finance Act 2006 ay ipinatutupad na mula sa Enero 1, 2007 ang pagbabayad ng tiket sa mga serbisyo sa emergency room na hindi itinuturing na urgent ("Code White").

#### **246. Ano ang duty doctor ?**

Ito ay isang serbisyo ng agarang medikal assistance sa bahay, na libre para sa mga residente sa rehiyon, na maaaring tawagan sa anumang oras sa mga kaso ng malubhang pangangailangan.

Ang mga mamamayan na nakatira sa ibang mga rehiyon, ay magbabayad ng halaga na binabayaran para sa paminsan-minsang mga pagbisita.

**247. Ang nursing assistance ay saklaw ng NHS?**

Sa kasalukuyan ang uri ng serbisyo na ito ay hindi nasasakupan ng National Health Service. Sa mga kaso ng mga pangangailangan, gayunpaman, ay maaaring mabigyan, sa bahay, kung may rekomendasyon mula sa serbisyong panlipunan ng munisipalidad sa mga awtoridad ng kalusugan.

**248. Ang pangkalusugan eksaminasyon at paggamot ay maaring ipataw?**

Hindi, maliban sa mga kaso na ipinatutupad ng batas (Sanitary Treatment Obligatory) na palaging may paggalang sa dignidad ng indibidwal na tao at karapatan bilang mamamayan. Ang intervention na ito ay sa pamamagitan ng pagpapasiya ng mga Mayor, sa mungkahi ng isang doktor, na napapatunayan sa pamamagitan ng isang doktor ng istraktura ng kalusugan. Pagkatapos ng 48 oras ng admission, ang inisyatiba ay dapat na ipagbigay-alam sa sa may karampatang Huwes na tagapagsanggalang.

**249. Maaari kang humadlang sa Sanitary Treatment Obligatory?**

Sino man na napapailaliman, o kung sino ang interesado, ay maaaring magsumite sa Korte ng apila laban sa desisyon ng ospital na napatunayan sa pamamagitan ng Hukom na tagapagsanggalang.

**250. Ano ang mangyayari kung ang mamamayan na sumasailalim sa obligatoryong mga medikal na pagpapagamot ay banyaga o stateless?**

Ang probisyon ay dapat na ipakipag-ugnayan sa Ministri ng Interior at sa konsulado ng bansa ng inpatient. Ang komunikasyon ay isasagawa sa pamamagitan ng Prefect.

**251. Ano ang mga family planning clinic (consultori familiare)?**

Ang mga ito ay serbisyong teritoryal na pangkalusugan at panlipunan, pampubliko o pribado, na pinapangalagaan ang pisikal at mental na kalusugan ng mga kababaihan, mga bata, kabataan, mag-asawa at mga pamilya. Ang lahat ng mga serbisyo sa mga klinika ay libre at maaaring makapasok sa sa pamamagitan ng pagkuha ng appointment. Ang serbisyo ay bukas din sa mga dayuhan.

Sa family planning clinic ay may mga propesyonal na gumaganap para sa sikolohikal at panlipunang kasanayan - Psychologist, social workers, sociologists, cultural mediators – maging para sa mga kasanayan sa kalusugan - Pediatrician, Gynecologist, Obstetrician, mga nars, health assistants.

Maaari kang pumunta sa family planning clinic para sa mga sumusunod na serbisyo:

- konsultasyon at eksaminasyon hinggil sa contraception;
- para masundan sa panahon ng pagbubuntis;
- kurso sa preparasyon para sa panganganak;
- konsultasyon, eksaminasyon at mga sertipiko para sa mga kusang-loob na pagtitigil ng pagbubuntis mga regular na pagpapa check-up sa ginekologiko;
- pag-iwas sa kanser ng kababaihan;
- pagpapayo at tulong sa panahon ng menapos;
- pediatric assistance;
- obligatoryong bakuna (at inirerekomenda);
- mabigyan ng payo para sa sa sosyal at sikolohikal na problema.

**252. Saan matatagpuan ang address ng mga family planning clinic?**

Ang phone book sa ilalim ng «Aziende sanitarie locali» para sa mga Consultors pampubliko at sa ilalim ng «Consultori» para sa mga hindi pampubliko o sa mga institutional site at mga non-specialist.

**253. May iba pang mga serbisyo pang sosyal-kalusugan?**

Oo, ang Territorial Units of Rehabilitation (Unità territoriali di riabilitazione- UTR) at ang Centers for Mental Hygiene (Centri di igiene mentale- CIM).

**254. Kailan at alin ang mga bakuna na obligatoryo?**

Ang pagbabakuna ay obligatoryo na may pagkakaiba ang bawat Rehiyon. Kalimitan, para sa mga bata sa Italya ay obligatoryo ang pagbabakuna laban sa tetano, dipterya, polio, at hepatitis B. Inirerekomenda, ngunit hindi obligatoryo ang bakuna laban sa tigdás, ubo, at para lamang sa mga batang babae laban sa rubella. Para sa matanda ay inirerekomenda ang bakuna laban sa tetano at hepatitis type B.

**255. Ang mga bakuna na obligatoryo ay walang bayad?**

Oo.

**256. Saan ko maaaring kailanganin ang sertipiko ng pagbabakuna?**

- Kapag nag-pagpapatala para sa paaralan elementarya;
- Kapag nag-pagpapatala sa para sa kindergarten,
- Kapag nag-pagpapatala para sa nursery,
- Sa pagpapatala sa panahon ng bakasyon sa tag-init upang maglaro ng competitive sports activities, atbp.

**257. Sino ang maaaring kusang-loob na magpatala sa National Health Service?**

Mga banyagang mamamayan na kung saan ay hindi iniutos ang pagpapatala sa SSN, dapat nilang mai-insure ang paglaban sa panganib ng sakit, aksidente at maternity. Maaari nilang matugunan ang mga kinakailangang ito:

- sa pamamagitan ng pagkuha ng insurance policy sa isang Italian insurance o foreign, na balido sa buong bansa;
- sa pamamagitan ng kusang-loob na pagpaparehistro sa SSN sa pagbabayad ng taunang kontribusyon sa mga kaso na ito ay ibinibigay.

Ang mga may karapatan sa boluntaryong pagpapatala sa SSN (nagbabayad ng isang taunang bayad):

- estudyante;
- mga tao na au pair (alla pari) na ipinatutupad sa Kusunduan sa European Agreement ng Strasbourg, 24 Nobyembre 1969 (ratified ng batas May 18, 1973 n 304.);
- relihiyon;
- para sa may hawak ng residence permit na hindi nagsasagawa ng anumang gawain;
- mga banyagang accredited sa Italya at nagtatrabaho sa Embassy;
- iba pang mga kategorya na maaaring makilala, sa pagbubukod, para sa kanila na walang karapatan na obligatoryong magpatala.

**258. Ano ang mga dokumento na kailangang isumite para sa kusang-loob na pagpapatala sa National Health Service**

- May bisang residence permit, kung ang permit ay ini-renew, maaaring ipakita ang nag-expire na permit kasama ang resibo ng pag-renew (na ibinigay ng Pulisya o sa post office).
- kapalit na pahayag para sa paninirahan at ng katayuang pampamilya (o deklarasyon ng tinitirahan katulad ng nasa residence permit);
- code ng buwis (codice fiscale);

- resibo ng bulletin na binayadan.

Ang mga may pangangailangan na makabuo ng karagdagang certification:

- mag-aaral (self-certification ng pagpapatala ng pag-aaral);
- banyagang au pair (deklarasyon ng estado ng banyagang au pair)

### **259. May karapatan ako kung wala akong balidong permit ng paninirahan?**

Ang mga dayuhang mamamayan na hindi sumusunod sa mga panuntunan sa pagpasok at / o pananatili dahil walang residence permit o expire ang residence permit na higit sa 60 araw, sa mga ito ay tinitiyak ang pag-aalaga sa public structures at mga accredited, out patient at hospital care na mahalaga para sa sakit at pinsala at preventive medicine upang pangalagaan ang mga indibidwal at kolektibong kalusugan. Kabilang dito ang mga :

- interventions para sa pangangalagang panlipunan ng pagbubuntis at pagiging ina;
- pagbabakuna;
- interventions ng internasyonal na prophylaxis;
- ang pag-iwas, diyagnosis at paggamot ng mga nakakahawang sakit;
- gawaing naglalayong sa pangangalaga ng kalusugan ng kaisipan.

## **7.4 Temporarily Present Foreigner (STP)**

Sa mga dayuhang mamamayan na ilegal na nasa teritoryo Italyano ay itinatalaga sa oras ng kahilingan para sa pag-aalaga o sa mga partikular na kahilingan, ang isang identification code, na tinatawag na STP (Temporarily Present Foreigner), na may bisa para sa 6 na buwan at ito ay renewable.

Ang pag-access sa mga health facilities ng mga dayuhan na ilegal na natatagpuan sa Italya ay hindi iniuulat sa mga awtoridad ng pulisya, maliban lamang sa mga kaso na kung saan ang pag-uulat ay kinakailangan ng batas.

### **260. Maaari ba akong makagamit ng mga serbisyo sa kalusugan kung wala akong pera na pangbayad ng tiket?**

Kung ang dayuhan ay walang sapat na pera, ay nagbabayad lamang ng isang bahagi ng ticket ( quota ng partisipasyon).

Ang mga dayuhan na ganap na walang pera ( na nasa sitawasyon ng kahirapan) ay maaaring exempted sa pagbabayad ng bayarin ng partisipasyon sa tiket sa pamamagitan ng pagpirma ng "pahayag ng paghihirap sa buhay", na may bisa para sa 6 na buwan.

### **261. Anong mga serbisyo na mayroon akong karapatan, kahit na wala akong pera upang bayaran ang tiket?**

Tulad ng mga mamamayang Italyano, pati ang mga dayuhan na ilegal na natatagpuan na nasa kondisyon ng kahirapan sa buhay ay hindi sakop sa pagbabayad ng tiket sa mga sumusunod na mga kaso:

- pagganap ng unang antas ng kalusugan;
- emerhensiya;
- nagdadalang tao;
- libreng pathologies;
- sa batayan ng edad o malubhang kapansanan.